

PAGSISIYAM SA KARANGALAN NG MAHAL NA BIRHEN NG SANTO ROSARYO AT ANG PAGDARASAL NG SANTO ROSARYO

Tatayo ang lahat.

Sa ngalan ng Ama
at ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.

ARAW-ARAW KAY MARIA

Ito ay aawitin.

Araw-araw kay Maria, kami ay nagdarasal
Si Mariang Ina namin ibig naming marangal
Kanyang tulong lagi-lagi kami ay humihiling
Siya'y aming pupurihin tuwing araw at gabi.
Kung kami'y nasa panganib kay Maria tatakbo
Siya'y aming tatawagin kung lalapit ang tukso
O Maria tutulungan kaming nangabubuhay
Kami ay ipanalangin kung kami'y mamamatay.

Luluhod ang lahat.

PAGSISISI

Panginoon kong Hesukristo, / Diyos na totoo / at tao namang
totoo, / gumawa at sumakop sa akin, / pinagsisisihan kong
masakit / sa tanang loob ko / ang dilang pagkakasala ko sa iyo, /
na ikaw nga ang Diyos ko / at Ama ko, / na iniibig kong higit sa
lahat, / nagtitika akong matibay na matibay / na di na ako muling
magkakasala sa iyo / at nagtitika naman akong magkukumpisal /

ng dilang kasalanan ko. / Umaasa akong patatawarin mo rin /
alang-alang sa iyong Mahal na Pasyon / at pagkamatay Mo sa
krus, / dahilan sa akin. / Siya nawa.

CREDO

Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay **Hesukristo**,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.
Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan ng Diyos
Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan. Amen.

AMA NAMIN

- ✠. Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
- ℟. Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.
Amen.

ABA GINOONG MARIA

- ✠. Aba Ginoong Maria,
napupuno ka ng grasya,
ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus.
- ℟. Santa Maria, Ina ng Diyos,
ipanalangin mo kaming makasalanan
ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.
- ✠. Aba Ginoong Maria...
- ℟. Santa Maria, Ina ng Diyos...
- ✠. Aba Ginoong Maria...
- ℟. Santa Maria, Ina ng Diyos...

LUWALHATI

℣. **Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo**

℟. Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman,
magpasawalang hanggan.
Amen.

PANALANGIN SA ARAW-ARAW

O Maawaing Birhen! / O Mahabaging Ina! / O Katamis-tamisang Maria, / aliwa't takbuhan ng mga makasalanang, / pintakasi ng mga nabubuhay. / O Matapat na Arca, / na sumaklolo sa mundo / nang nasa malaking panganib na mabagbag / sa laot ng dagat! / O Maluningning na Balangaw ng kapayapaan, / nagbibigay ng tahimik / sa malaking digmaan ng langit at lupa, / ikaw ang tagasuyo namin / na maka-abot sa Panginoong Diyos / ng malaking patawad / sa mga makasalanang anak ni Adan! / O Kalinis-linisang kalapati / na nagdala ng sangang mayabong / ng lalong mabangong Oliva, / ikaw nga ang nagpahayag ng kapayapaan / dito sa kahabag-habag na bayan! / O Pintakasing walang ikalawa, / nang makita mo sa karamihan ng kasalana'y / mapang-anyaya ang mundo, / at Malapit na ang araw ng pagpapadala ng parusa / niyong pinagkasalanang Anak mong si Hesus, / ipinahayag mo kay Domingong anak / na hinirang ng iyong puso / ang lalong magaling na gamot, / matibay na kuta / at tiwasay na sakdalan ng Santo Rosaryo, / na siya mandin ang ikinapagbago ng buhay / ng mga bayang Kristiyano, / at ikinapagkamit ng tawad / sa lalong katakut-takot / at napupuot na Hukom! / Ipagkaloob mo sa amin, / O Inang lubhang mahabagin, / na sa kabagsika't Karapatan / nitong kagaling-galingang debosyon / ay matuto kaming magpayapa / sa nagniningas na puot / ng ating Diyos at Panginoon, / at sa isang mataimtim na pagsisisi / at marapat na pagpepenitensiya'y /

mapawi ang mga kasalanang / nakapagpapapukaw ng Kaniyang
galit sa amin, / at makapagsauli kami / sa Kanyang mahal na
grasya't kalugurang Ama / at kung maaabot rin namin / ang tubig
nitong tunay na pagsisisi / sa lahat ng nagging sala / at kung
maaabot namin ang patawad / ng kaibig-ibig mong anak / at
mamahay na kami sa puso niya, / maging dapat kaming
pagkalooban / niyong mahal na bendisyon / na ang wika: "Lapit
na mga pinili't hinirang / ng aking Ama at Ama naman ninyo / sa
kaluwalhatian, / na dati ng handa magpasa mula't mula. / Lapit
na kayo mga masintahin / sa aking Ina at Ina ninyong lahat, /
kayo'y maluwalhating manood / sa kanyang maluningning na
mukha at puso / doon sa kaluwalhatian ng langit. / Siya Nawa.

Pagkatapos ng panalanging ito, ay isusunod ang panalangin sa
bawat araw.

PANALANGIN SA UNANG ARAW (SEPTEMBER 28)

Aba, Ginoong Maria, / mahal na ibon sa Paraiso: / Aba, kalapating
walang kasinlinis, / na naglihi lalang ng Diyos Espiritu Santo / sa
Ikalawang Persona / na nagkatawang-tao / sa lubos na ligaya ng
puso mo: / Aba , Esposong malumbay, / na tumangis sa di
maulatang hirap / ng mahal na Pasyon ng Iyong Hesus: / Aba ,
Birheng lubhang mapalad / na naglihi't di nasiraan ng kalinisan /
ng pagka-Birhen, / hindi nagdalang sakit sa pagdadalang-tao / at
hindi nagdamdam ng hirap / sa panganganak: / Aba, Inang
Kaibig-ibig, / na hindi nadapuan ng anumang kasalana't / hindi
narapatan ng ating mga pagdurusa. / Sa kabagsikan nitong mga
Aba Ginoong Maria / ibinati naming sa Iyo'y / iligtas Mo kami sa
mga kahirapa't karalitaang / ipinamana sa buong kainapuhan
niya / ng kauna-unahang ina nating salering si Eva: / palitan mo
po ng kapatawaran / ang pananangis sa kasalanan / at gamitin
mo ng kaluwalhatian / ang pagtitiis ng kaparusahan. / Siya Nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKALAWANG ARAW (SEPTEMBER 29)

Aba Ginoong Maria, / karikit-rikítang liwayway, /
na sa panganganak mo / sa lalong masinag na araw /
ng katuwirang si Hesus / ay niliwanagan Mo itong aming madilim
/ at nagpipighating lupa. / Mariang karagatan / ng madling
kapaitang tiniis Mo / sa gitna ng mga matataas na daluyong / ng
mahal na Pasion: / Mariang Haring Reyna't Panginoon ng lahat, /
na pinataas na lalo sa tanang kinapal, / nang putungan Ka ng
Santisima Trinidad / ng korona ng pagkahari / ng langit at lupa. /
Aba Maria / na talang maliwanag sa dagat, / durungawan sa
Paraiso, / pinto sa kabuhayang walang-hanggan: / liwanagan Mo
kami, O bituin! / At sa masinag na ilaw / ng iyong Santisimo
Rosaryo'y / pawiin Mo ang makamamatay na kangitngítang /
nagdidilim sa mga mata ng aming loob, / palitan ng kapaitan ng
pagpepenitensiya / ang kaligayahang iniaalay sa amin / nitong
magdarayang mundong / nagpapahulog sa amin sa kasalanan. /
At yayamang tinatanganan mo / ang setro ng pagkahari / sa
lupa't sa langit / ay isauli Mo itong mga pinapanaw / na anak ni
Eva / sa kaligayahang walang hanggan / sa langit. / Siya nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKATLONG ARAW (SEPTEMBER 30)

Aba, Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya, / puno ng grasya
ang kalinis-linisan Mong sinapupunang / tinatahanan ng May-
lalang / ng lahat ng grasya; / puno ng grasya ang mahal mong
pusong mapalad / na sisidlan ng kapuspusan ng mga grasya; /
puno ng grasyang pinakikinabangan ng mga Santos / at
ipinamamahagi naman sa mga makasalanan; / puno ng grasya't sa

kapunuan Mo'y / nagmula ang pagtubos sa amin / at inaasahan namin ang ganting walang-hanggan. / Tulungan Mo kami, / O Inang puno ng grasya! / At alang-alang sa kamahalan / ng Aba Ginoong Mariang ibinati sa Iyo / ng Arkanghel, / at sa mga misteryo ng Iyong Santisimo Rosaryo'y / Makita naming muli / ang mahalagang hiyas ng Iyong mahal na grasyang / nawala sa amin dahil sa kasalanan / at itong landas na lupa ng aming kaluluwa'y / luminis sa mga tinik ng masasamang ugali / at magsuot ng marikit na damit / ng mga kabanalang Kristiyano. / Siya nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKAAPAT NA ARAW (OCTOBER 1)

Aba Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya, / ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo: / sumasa-Iyo nga / dahil sa lubos na pagkakaisa / ng loob Mo't kalooban ng Diyos; / sumasaiyo / dahil sa totoong pakikiratig ng katawan Mo / sa pagkapersona ng Anak ng Diyos; / sumasaiyo / dahil sa mataimtim na pakikipagkaibigan / Ninyong mag-ina, / at ang Anak Mo'y Anak din ng Diyos! / Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo, / parang mapagmahal na Panginoon / sa Kaniyang pinakamamahal na alipin, / parang masintahing Esposo, / parang mabait at masunuring Anak / sa Kaniyang iginagalang at iniibig na Ina, / O kataaas-taasang Haring Reyna! / Yayamang nasasa iyong mahal na kamay / ang kapangyarihang walang-hanggan ng Diyos / ay ipinagkaloob sa amin, / na sumasaamin naman / ang kamahal-mahalang Anak Mong si Hesus; / sumasaamin nga / sa isang totoong pagkabago / ng aming mga puso't loob, / at sa marapat na pagtanggap namin / ng Kaniyang kasantu-santusang Katawa't Dugo / sa Santisimo Sakramento. / Siya nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKALIMANG ARAW (OCTOBER 2)

Aba, Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya / ang Panginoong
Diyos ay sumasaiyo, / bukod kang pinagpala; / pinagpala ka nga, /
sapagkat ikaw lamang ang hindi naramayan / ng mga sumpa't
parusa ng Diyos / sa lahat ng ibang mga babaeng anak ni Eva, / at
ikaw lamang ang hindi nagdamdam / ng anumang hrap / sa
mapalad at maluwalhating panganganak Mo; / pinagpala ka /
sapagkat ikaw lamang ang sumaklolo / sa kapahamakan ng buong
kainapuhan ni Adan / sa harap ng ating Diyos at Panginoon; /
pinagpala ka, / sapagkat Ikaw lamang ang nagyurak / ng ulo ng
kaaway nating prinsipe ng kadiliman: / pinagpala ka, / sapagkat
hind imo inalumana ang buhay mo, / nang Makita mo ang
dalamhati't kapighatian / ng mga anak ni Adan; / pinagpala ka, /
sapagkat nagsuson-suson ka / ng mga awa mo sa amin; / ang mga
awa ng mga misteryong / naganap dito sa mundo, / na iyong
pinagpisan / sa Santong Rosaryo Mo. / O Mahal na Senyora! /
Ipagkaloob mo po sa aming nangagdarasal / ng Iyong Rosaryo /
ang isang lubos na pananalò / at pagtatagumpay sa mundo. / Siya
nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKAANIM NA ARAW (OCTOBER 3)

Aba, Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya, / ang Panginoong
Diyos ay sumasa-Iyo, / bukod kang pinagpala sa babaeng lahat: /
sa lahat ng babae, / sapagkat Ikaw na mag-isa'y nakapagkamit /
ng tanang kagalingang kinamtan / ng isa't-isa sa kanila; / lalo na
sa lahat ng babae, / sapagkat ika'y tanging hinirang / sa kanilang
lahat; / lalo sa mga birhen, / sapagkat ikaw lamang ang unang
naghain sa Diyos / ng kalinisan ng pagkabirhen; / lalo sa mga may
asawa, / sapagkat ikaw lamang ang naglihi't / di nasiraan ng

pagkabirhen; / lalo sa mga balo, / sapagkat ikaw lamang ang
naghain / ng Anak Mong sarili, / na Anak mo rin kaming mga
kahabag-habag / na anak ni Eva; / lalo kang pinagpala sa babaeng
lahat / sapagkat ikaw lamang ang bukod na hinirang / na maging
Ina ng Makapangyayari sa lahat / at pinaluklok Kang Haring
Reyna / sa kanan ng sinisinta mong Anak. / Ilingap Mo sa amin, /
mahal na Senyora, / iyang mga mata Mong maawain, / at ibuhos
Mo ang kapunuan ng Iyong awa / sa mga saliwang palad na anak
ni Adan, / ibangon Mo ang nangahahapay, / patapangin Mo ang
mga mahihinang loob, / aliwin Mo ang mga nalulumbay, /
tulungan at idaing Mo / ang lahat ng babaeng may loob sa
Diyos. / Siya nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKAPITONG ARAW (OCTOBER 4)

Aba, Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya, / ang Panginoong
Diyos ay sumasa-Iyo, / bukod kang pinagpala sa babaeng lahat, /
pinagpala naman ang Anak mong si Hesus: / mapalad nga ang
bungang ibinigay sa mundo / ng kalinislinisan Mong tiyan, /
parang lupang malinis / sa mga tinik ng kasalanan; / pinagpala
nga ang bungang / ipinagkaloob mo sa amin, / amin na nga, /
sapagkat inihain mo sa Diyos / at sa kamatayan / alang-alang sa
amin / at amin nga sapagkat inihain mo / sa kalbaryo sa pagtubos
sa amin / at amin naman, / sapagkat mula sa langit / ay
ipinakikita mong nanininta / sa aming mga pinapanaw / dito sa
bayang kahapis-hapis. / Mapalad ang bungang nanggaling sa
Paraiso / ng halaman ng kalinislinisa't birhen mong tiyan; /
mapalad ang bungang pinitas / sa punong kahoy ng Santa Krus /
at nakagaling sa aming kaluluwa; / mapalad ang bunga mong
naghatid sa iyo sa langit, / nang mapuspos ang ligaya / ng mga
lumuluwalhati roon, / idinadalangin po namin s aiyo, / O kalinis-

linisang Birhen! / Na patikimin kami / ng masarap at mahalagang
bunga / ng iyong mahal na sinapupunan, / at kung aming
matikman dito / ang kanyang katamisan / sa magaling na
pagninilay-nilay / ng mga misteryo ng iyong Santo Rosaryo / ay
mananamnam naming lubos / ang maligayang piging sa
kaluwalhatian. / Siya nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKAWALONG ARAW (OCTOBER 5)

Aba, Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya, / ang Panginoong
Diyos ay sumasaiyo, / bukod kang pinagpala sa babaeng lahat, /
pinagpala naman ang Anak mong si Hesus; / pinagpala nga si
Hesus / na bungang magaling / sa iyong kalinis-linisang
sinapupunan; / sa iyong sinapupunang buhay na kaba / ng
pinagtaguan ng mana / ng magmula sa kaluwalhatian; / sa iyong
sinapupunan / malinis na sisidlang pinagsahuran / ng
maginhawang hamog na galing sa langit; / sa iyong sinapupunang
mahal na biril, / na pinagtaguan ng lalong mahalagang marikit /
sa halamanang pinamutihan / ng masamyong bulaklak na rosas
at liryos, / rosas na lalong Puspos / ng kalinisa't kabanguhan / sa
gitna ng mga tinik / ng mga dalita't hira / sa Mahal na Pasyon /
ng sinisinta Monga nak, / at liryos na marilag / sa ningning ng
maluwalhating pagkabuhay na mag-uli. / Ipagkaloob mo sa
amin, / O Inang Kaibig-ibig, / na kami nama'y maging dapat / na
magdala sa Mahal mong Hesus / sa aming mga puso't loob / at sa
paraan / ng isang maningas na pagsisisi't pagbabalik-loob / sa
kaniyang mahal na grasya't / kabuhayang walang hanggan. / Siya
nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

PANALANGIN SA IKASIYAM NA ARAW (OCTOBER 6)

Aba, Ginoong Maria, / napupuno ka ng grasya, / ang Panginoong Diyos ay sumasa-iyo, / bukod kang pinagpala sa babaeng lahat, / pinagpala naman ang Anak mong si Hesus; / si Hesus na ibinalita sa Iyo / ng Arkanghel na si San Gabriel ; / si Hesus na nagkatawang-tao / sa iyong sinapupunang birhen; / si Hesus na ipinanganak mong ilaw, / gamot, at kagalingan sa mundo; / si Hesus na ipinagsigawang Hari / ng mga Hudyo; / si Hesus na napadakip sa kanila / alang-alang sa pag-ibig niya sa atin; / si Hesus na namatay sa krus / sa pagtubos sa atin; / si Hesus na nabuhay na mag-uli; / si Hesus na umakyat sa langit / at naluklok sa kanan ng Diyos Ama / at nagputong sa iyo ng korona / ng pagka-Haring Reyna ng lupa't langit; / si Hesus na namagitan sa Diyos Ama / ng kami ay papagkamtin / ng kaniyang kaluwalhatian; / ang buong Hesus, / O Mahal na Senyora! / ang iniaalay namin sa iyo / sa Santisimo Rosaryo, / tanggapin mo po, / parang haing kinalulugdang lubos / ng iyong puso, / at gantihan mo naman itong aming alay sa iyo / sa pagkakaloob sa amin / ng biyayang hinihiling / ng aming puso't ikinatatapos namin / nitong pagnonobena. / Santa Maria, / sakdal awa't pag-ibig, / Ina ng Diyos at Ina namin! / Ipanalangin mo kaming mga anak mong makasalanan / ngayon sa buhay na ito, / nang kami'y makapagkamit / ng grasya't kapagtawaran / at sa oras naman ng aming pagkamatay / nang kami'y magkamit / ng kabuhaya't kaluwalhati nang walang hanggan. / Siya nawa.

Pagkatapos nito ay dumako sa Unang Misteryo ng Santo Rosaryo.

ANG MGA MISTERYO NG TUWA (LUNES AT SABADO)

1. Ang pagbabalita ng Arkanghel San Gabriel sa Mahal na Birhen Maria.
2. Ang pagdalaw ng Mahal na Birheng Maria kay Santa Isabel na kanyang pinsan.
3. Ang pagsilang sa daigdig ng Panginoong Hesukristo sa yungib ng Belen.
4. Ang paghahandog ng sanggol na si Hesus sa templo.
5. Ang pagkatagpo kay Hesus sa loob ng templo ng Jerusalem.

ANG MGA MISTERYO NG HAPIS (MARTES AT BIYERNES)

1. Ang pananalangin at paghihirap ni Hesus sa halamanan ng Getsemani.
2. Ang paghampas kay Hesus na nakagapos sa haliging bato.
3. Ang pagpuputong ng koronang tinik kay Hesus.
4. Ang pagpapasan ng krus.
5. Ang pagpapako at pagkamatay ni Hesus sa krus.

ANG MGA MISTERYO NG LIWANAG (HUWEBES)

1. Ang pagbibinyag kay Hesus sa ilog Jordan.
2. Ang unang himala ni Hesus sa kasalanan sa Cana Galilea.
3. Ang pagpapahayag ni Hesus sa kaharian ng Diyos, sa pagtawag patungo sa pagbabago.
4. Ang pagbabagong-anyo ni Hesus sa bundok ng Tabor.
5. Ang pagtatatag ni Hesus sa Banal na Eukaristiya, bilang pagpapahayag na Sakramental ng Misteryong paskuwal.

ANG MGA MISTERYO NG LUWALHATI (MIYERKULES AT LINGGO)

1. Ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Hesukristo.
2. Ang pag-akyat sa langit ng Panginoong Hesukristo.
3. Ang pagpanaog ng Espiritu Santo sa mga Apostoles at sa Mahal na Birheng Maria.
4. Ang pag-aakyat sa langit ng Mahal na Birhen kaluluwa't katawan.
5. Ang pagpuputong ng korona sa Mahal na Birhen bilang Reyna ng langit at lupa.

O HESUS KO

O Hesus ko, patawarin mo kami sa aming mga sala, iligtas mo kami sa apoy ng impiyerno. Hanguin mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo, lalong-lalo na yaong mga walang nakaka-alaala.

℣. **O Maria, ipinaglihing walang sala.**

℟. Ipanalangin mo kaming sayo'y dumudulog.

ABA PO SANTA MARIANG HARI

Aba po Santang Mariang Hari, / Ina ng Awa, / ikaw ang kabuhayan at katamisan, / aba, pinananaligan ka namin. / Ikaw nga po ang tinatawag namin, / pinapanaw na taong anak ni Eba. / Ikaw rin ang pinagbubuntung-hininga namin, / ng aming pagtangis, / dini sa lupang bayan ng kahapis-hapis. / Ay aba, pintakasi ka namin, / Ilingon mo sa amin ang mga mata mong maawain, / at saka kung matapos / yaring pagpanaw sa amin, / ay ipakita mo sa amin / ang iyong anak na si Hesus. / Santa Maria, Ina ng Diyos, / maawain, maalam, at matamis na Birhen.

℣. **Ipanalangin mo kami, Reyna ng Kasantu-santuhang Rosaryo.**

℟. Nang kami ay maging dapat makinabang sa mga pangako ni Hesukristong Panginoon.

ANG LITANYA NG MAHAL NA BIRHEN

℣. **Panginoon, maawa ka sa amin.**

℟. Panginoon, maawa ka sa amin.

℣. **Kristo, maawa ka sa amin.**

℟. Kristo, maawa ka sa amin.

℣. **Panginoon, maawa ka sa amin.**

℟. Panginoon, maawa ka sa amin.

℣. **Kristo, pakinggan mo kami.**

℟. Kristo, pakapakinggan mo kami.

Ang isasagot sa namumuno sa mga sumusunod ay:
Maawa ka sa amin.

℣. Diyos Ama sa langit

℣. Diyos Anak na tumubos sa sanlibutan

℣. Diyos Espiritu Santo

℣. Santisima Trinidad na tatlong Persona at iisang Diyos

Ang isasagot sa namumuno sa mga sumusunod ay:
Ipanalangin mo kami.

℣. Santa Maria

℣. Santang Ina ng Diyos

℣. Santang Birhen ng mga Birhen

℣. Ina ni Kristo

℣. Ina ng grasya ng Diyos

℣. Inang kasakdal-sakdalan

℣. Inang walang malay sa kahalayan

℣. Inang di malapitan ng masama

℣. Inang kalinis-linisan

- ✠. Inang pinaglihing walang kasalanan
- ✠. Inang kaibig-ibig
- ✠. Inang kataka-taka
- ✠. Ina ng mabuting kahatulan
- ✠. Ina ng may gawa sa lahat
- ✠. Ina ng mapag-adya
- ✠. Birheng kapahampahaman
- ✠. Birheng dapat igalang
- ✠. Birheng dapat ipagbantog
- ✠. Birheng makapangyayari
- ✠. Birheng maawain
- ✠. Birheng matibay na loob sa magaling
- ✠. Salamin ng katuwiran
- ✠. Luklukan ng karunungan
- ✠. Mula ng tuwa namin
- ✠. Sisidlan ng kabanalan
- ✠. Sisidlan ng bunyi at bantog
- ✠. Sisidlan ng bukod-tanging katimtiman
- ✠. Rosang bulaklak, na di mapuspos ng bait ng tao ang halaga
- ✠. Torre ni David
- ✠. Torrens garing
- ✠. Bahay nag into
- ✠. Kaban ng tipan
- ✠. Pinto ng langit
- ✠. Talang maliwanag
- ✠. Mapagpagaling sa mga maysakit
- ✠. Pagsasakdalan ng mga taong makasalanan
- ✠. Mapag-aliw sa nangagdadalamhati
- ✠. Mapag-ampon sa mga kristiyano
- ✠. Reyna ng mga anghel
- ✠. Reyna ng mga patriarka
- ✠. Reyna ng mga propeta
- ✠. Reyna ng mga apostol
- ✠. Reyna ng mga martir

PAGSISIYAM SA KARANGALAN NG MAHAL NA BIRHEN NG SANTO ROSARYO

- ✠. Reyna ng mga confessor
✠. Reyna ng mga Birhen
✠. Reyna ng lahat ng mga santo
✠. Reynang ipinaglihi na di nagmana ng salang orihinal
✠. Reynang iniakyat sa langit
✠. Reyna ng kasantu-santuhang rosaryo
✠. Reyna ng kapayapaan.
- ✠. **Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
✠. Patawarin mo po kami, Panginoon.
- ✠. **Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
✠. Pakapakinggan mo po kami, Panginoon.
- ✠. **Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
✠. Maawa ka sa amin.

DALIT

- ✠. **Araw-araw ay sumaya, ng matamis na Ligaya**
✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. **Malaking kapangyarihan nitong Trinidad na Mahal, siyang nagtanim ng Rosal, tribunal ng kaawaan. Sa ganitong kamahalan, Birhe'y sambahi't luhuran.**
✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. **Aming utang Inang tunay, ang pag-ibig mong malaman, kaya po handa na naman, Bating kapakumbabaan, ang Ave, ipinagdiriwang, wikang pang-alis ng lumbay,**
✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria

- ✠. Tao't anghel ay magpisan, Ave, awiti't idangal, dalit na kinalulugdan ng mga taingang banal, at ang demonyong kaaway, nailag sa gayong diwang.
- ✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. Sa sinapupunan mong banal, doon nagkatawang tao, dahilang ipinarito kahinayangan sa tao, Rosal kang sakdal ng bango, nangayupapang totoo.
- ✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. Ang rosal at tronong mahal, nagdala ng rosang hirang, sa malaking kabanguhan ay magmula ngayong araw, Prekursor ay napawian dating salang orihinal.
- ✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. Ipinanganak si Hesus, niyong limang maalindog, gamot at siyang sumakop, sa sala nating tibobos, dahilan sa pagkalunos, nitong mag-inang sing-irog.
- ✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. Ipinasok sa simbahan, ang rosang bango ay sakdal, at inihain ang buhay, tubos na kapangakuan, Ama'y napawi ang lumbay, at ang galit ay naparam.
- ✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria
- ✠. Tatlong araw na nawalay, ang anak na kaibigan, di masabing kalumbayan, Birhen ang iyong dinamdam, pagdalangin ay mataman, mawili sa iyong kamay.
- ✠. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria

- ✠. Yaong bulaklak na ibig, dugo ang ipinawis, kulay pa'y kahapis-hapis, sa sala namin ay bihis, nang mapayapa ang init, sa Diyos na pagkagalit.
- ℟. Dasalin ng buong sinta, ang rosaryo ni Maria

PANGWAKAS NA PANALANGIN SA ARAW-ARAW

O kagaling-galingang Diyos / na dahil sa malaking pag-ibig mo sa amin / ay ipinagkaloob mo / ang bugtong na Anak mo / at nang sa pamamagitan / ng kaniyang buhay, / pagkamatay / at pagkabuhay na mag-uli / ay magkamit kami / ng kabuhayang walang hanggan! / Idinadalangin namin sa Iyo / na sa pagninilay-nilay / ng mga misteryo ng pagtubos sa amin / na nalalaman sa Santisimo Rosaryo / ng kamahal-mahalang Birhen Maria'y / matutong maglingkod sa kaniya / ng buong sinta't kabanalan ng loob / at nang kung kami'y sumunod / sa mga magagaling na halimbawang / ibinibigay sa amin ni Hesus at ni Maria / ay makamtan naman namin / ang ganti't biyayang / ipinangangako nitong dalawang mag-ina, / lalung-lalo na ang grasyang / idinaraing namin dito sa pagnonobena / at saka naman / ang isang Magandang kamatayan / at nang kami'y makapagpuri sa kanila / kasama ng mga anghel / magpasawalang-hanggan. / Siya nawa.

Sa ngalan ng Ama
at ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.